# Memorandum-Sirkular ukol sa Negosasyong Pangkapayapaan

Para sa: Lahat ng kasapi ng Partido kabilang ang mga gumagampan din ng tungkulin sa National Democratic Front (NDF) at Bagong Hukbong Bayan (BHB)

Mula sa: Kumiteng Tagapagganap ng Komite Sentral (KTKS), Communist Party of the Philippines

Paksa: Tungkol sa Isyu ng Negosasyong Pangkapayapaan

Petsa: Agosto 1992

Tulad ng inaasahan, naging matunog uli ang isyu ng negosasyong pangkapayapaan pagkatapos ng eleksyong presidensyal. Nagibayo ang pagsisikap ngbagong papetna rehimen at iba pang reaksyunaryo na makasangkapan ang isyung ito upang manlinlang sa mamalflayafl at mga rebolusyonaryong pwersa.

Sadyang pinakulo ng bagong upong papet na rehimeng Ramos ang isyu ng "rekonsilasyon" sa mga karibal nito sa pulitika at maging sa mga rebolusyonaryong pwersa upang disarmahan, linlangin at lansihin sila lalu na't naghahabol ang rehimen nakonsolidahin ang mabuway na hawak nito sa poder, paganahin ang pakana nitong pasukuin o di kaya ay lansangin ang armadong rebolusyon, at ipatupad and mga dikta ng Washington.

Ang iba't ibang paksyong reaksyunaryo ay gumagamit din sa isyu ng "rekonsilasyon" para proteksyunan at itaguyod ang kani-kanilang mga paksyunal na interes, maniobra, at pagpapalakas. Kaalinsabay, sinasangkalan nila, tulad ng rehimeng Ramos, ang mga pakitang-tao sa negosasyong pangkapayapaan para udyukan, lansihin o di kaya'y gitgitin ang rebolusyonaryong kilusan tungo sa pagsusurender, pagkalusaw, o pagkalansag.

---

*This memorandum on the matter of peace negotiations issued on August 1992 by the Executive Committee of the Central Committee, Communist Party of the Philippines is addressed to all members of the CPP and of the National Democratic Front and the New Peoples Army.

Sa ganitong kalagayan, dapat igiit and makaprinsipyo at rebolusyonaryong paninindigan ng Partido sa usapin ng kapayapaan at negosasyong pangkapayapaan. Lalo itong kailangan ngayon dahil ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ay kailangang higit na magpalakas sa sarili sapamalnagitan ng pagwawasto sa mga pagkakamali at kahinaan, matatag na pagtataguyod sa linya at mga saligang prinsipyo ng Partido, at masigasig na pagpupunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka. Dapat ding bakahin at itakwil ang ilang maling pananaw at konsepto tungkol sa negosasyong pagkapayapaan na ikinakalat ng iilan na lumilito sa iba pang elemento sa hanay ng Partido at Prenteng Pambansang Demokratiko (NDF, National Democratic Front) sa loob at labas ng bansa.

Kaya nililinaw at idinidiin ang mga sumusunod:

1.) Hindi dapat kaligtaan ng alinmang organo, yunit at kasapi ng Partido na sa kasalukuyan ang Partido ay nasa gitna ng pagpapahusay sa kakayahanglumaban athigitpangpagpapalakas sasarili batay sa nakaraang mga tagumpay at sa pamamagitan ng pagwawasto sa mga pagkakamali at kahinaan sa ideolohiya, pulitika, at organisasyon.

Ang rebolusyong pambansang demokratiko sa pamumuno ng Partido ay makakamit ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan pangunahin ng armadong pakikibaka. Ang makatarungan at matagalang kapayapaan ay makakamit sa pamamagitan lamang ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan. Samakatwid, and pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon ang siya ring pangkalahatang linya para sa makatarungan at matagalang kapayapaan.

Mg kasalukuyang sitwasyon ay mainam para sa pagtataguyod ng pangkalahatang linyang ito.Ang paglubha ng krisis sa pulitika at ekonomiya ng naghaharing sistema ay gayon na lamang na ang bagong presidente nito ay nag-uumpisa sa katayuang nahihiwalay at mabuway at bumabangga sa malapad na oposisyon sa loob ng sistema gayundin sa paglaban ng malawak na masa ng sambayanan.

2.) Naninilbihan sa kontrarebobusyon ang sinumang nag-iisip at kumikilos na tila baga ang negosasyong pangkapayapaan ang prinsipal o tanging paraan upang makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan. Una sa lahat, hindi pwedeng pilitin ang papet na Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP, Government of the Republic of the Philippines)

na pumasok sa negosasyong pangkapayapaan hanggang hindi higit pang lumalakas ang pwersa ng armadong rebolusyon at hindi naaabot ang isang takdang antas ng panghihina ng armadong kotrarebolusyon.

Hanggang ngayon, ang GRP ay walang hangad na pumasok sa negosasyong pangkapayapaan sa NDF. Ang gusto ng GRP ay ang pagsuko ng NDF sa Konstitusyon ng GRP, ang pagtigil ng armadong rebolusyon bago pa man ang anumang klase ng saligang repormang panhipunan, at ang paglusaw sa Bagong Hukbong Bayan (NPA, New People's Army). Kung hindi man maaabot ang gayong maksimum na layunin, nais ng GRP na hatiin at lansagin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamgitan ng lokalisadong mga pag-uusap para sa pagsuko at mga tigil-putukan.

Malinaw ang balangkas ng NDF para sa makatarungan at matagalang kapayapaan at ang mga kundisyon para maganap ang negosasyong pangkapayapaan. Ang mga ito ay salungat na salungat sa pusisyon ng GRP na naggigiit ng pag-uusap sa pagsuko, sa halip na pag-uusap na pangkapayapaan.

Tuwing ang GRP ay nagpapanggap na para sa kapayapaan, dapat ilantad ng lahat ng organo, yunit at kasapi ng Partido ang katotohanang ang GRP ay para lamang sa pagsuheto sa mga rebolusyonaryong pwersa, at dapat na ilinaw na ang Programa pam sa Demokratikong Rebolusyong Bayan ng Partido at ang Balangkas Pangkapayapaan ng NDF ang tunay na mga gabay tungo sa makatarungan at matagalang kapayapaan.

3.) Dapat laging isaisip ng lahat ng organo, yunit at kasapi ng Partido ang tunay nakatangian ng rebolusyong Pilipino. Ito ay isang rebolusyong dalawang-yugto: bagong demokratiko at sosyalista. Kahanay ang rebolusyong Pilipino sa kategorya ng rebolusyong Bolshebik, Tsino, Koreano, Biyetnames, Kubano at mga katulad na rebolusyon.

Ang Pilipinas ay matagal nang nakalampas sa yugto ng pinagkasunduang dekolonisasyon na isinakatuparan ni Quezon at Partido Nasyonalista. Sa kasalukuyang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas, hindi dapat akalain ni palitawin na ang rebolusyong Pilipino ay nasa balangkas pang dekolonisasyong idinadaan sa negosasyon. Ang mga negosasyong pangkapayapaan pam sa dekobonisasyon (gaya ng sa African National Congress sa Timog Aprika) ay hindi dapat gawing modebo para sa

negosasyon sapagitan ng GRP at NDF. Di hamak namas mataas ang mga prinsipyo at mga nakataya sa ating rebolusyonaryong pakikibaka.

Hindi rin dapat gayahin ng rebobusyong Pilipino ang mga halimbawa ng ilang kilusan at gubyernong nabigong ipatupad ang rebolusyong dalawang-yugto at yumukod sa mga imperyalista at reaksyunaryo. Kotrarebolusyonaryo ang maliitin ninuman ang rebolusyong Pilipino sa pamamagitan ng pagpapababa sa mga prinsipyo at layunin nito.

4.) Ang NDF ay isang organisasyong nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka alinsunod sa pangkalahatang linya ng rebolusyong bagong demokratiko.

Ito ay isang rebolusyonaryong organisasyon na kumprehensibong nagdadala sa mga isyu ng armadong rebolusyon. Kaugnay ng isyu ng kapayapaan, dapatilaan nito ang mas malaking pagsisikap samgapahayag na nagliuinaw sa mga kinakailangan para tunay na makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan at hindi dapat malulong sa simpleng paghahabol sa negosasyong pangkapayapaan.

Mg NDF ay binigyan ng mga rebolusyonaryong pwersang awtoridad na katawanin sila sa mga usaping may kinalaman sa isyu ng negosasyong pangkapayapaan sa GRP. Pero walang awtoridad ang NDF na kumilos nang nagsasarili at mas nakapangingibabaw sa anumang paraan sa Partido at ibang mga pwersang rebolusyonaryo.

Bilang organisasyong nagkakaisang prente, dapat lubos na isaalangalang ng NDF ang paninindigan ng Partido bago magsalita o gumawa ng anumang may kinalaman sa isyu ng pag-uu sap na pangkapayapaan. Mg Partido ay hindi kailanman magiging tagasunod na lamang ng NDF as usaping ito.

Hindi dapat kailanman kaligtaan na ang Partido ang namumuno sa rebolusyon ng pambansa-demokratiko at may absolutong pamumuno as BHB, na hangad pasukuin at lusawin ng kaaway.

5.) Sa mga aktibidad na proto-diplomatiko o diplomatiko, hinahangad ng NDF ang katayuang kapantay ng GRP sa ilalim ng internasyunal na batas dahil as kasalukuyang mga sirkumstansya, sila ay mga pwersang nagdidigmaan sa isang gyersa sibil.

Mg pagkuha ng pagkilala ng mga dayuhang estado at ahensyang interestado sa NDF bilang pwersang nakikidigma, at kung gayon, ang pagkuha ng katayuang kapanatay ng GRP sa internasyunal na batas ay hindi dapat kailanman ipagkamaling tinatanggap ng NDF na ang GRP ay kapantay nito as hanay ng mamamayan ng Pilipinas at ng daigdig.

Ang NDF ay naninindigan sa mga karapatan at kapakanang pambansa at demokratiko ng sambayang Pilipino. Kung gayon, tunay nitong kinakatawan ang sambayanan sa paraang salungat na salungat as GRP na instrumento ng mga dayuhan at bokal na nagsasamantala at nang-aapi as sambayanang Pilipino.

Mali para sa anumang organo, yunit, o kasapi ng Partido na kilalaning magkapantay ang NDF at GRP sahanay ng mga mamamayan ng Pilipinas at ng daigdig.

Mas masahol pa kapag ang NDF at GRP, na may kanya-kanyang armadong pwersa, ay itinuturing na parehong mandarahas at naninira as buhay, ari-arian at interes ng mamamayan.

Ang GRP, kasama ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ang dapat managot sa di-makatarungang karahasan ng naghaharing sistemang mapang-api at mapagsamantala. Ang rebolusyonaryong paglaban ng sambayanan ay makatarungan at dapat magpatuloy hangga't nananatili ang kontrarebolusyonaryong karahasan.

6.) Hindi dapat malinlang ang alinmang organo, yunit at kasapi ng Partido samga deklarasyon ng mga nagtuturing sa sariling tagapagtaguyod ng kapayapaan (peace advocates") at gumagamit sa ngalan ng sambayanan sa paghahangad na bumuo ng saribing "peace constituencies." Kailangang wastong maikategorya sila sa mats ng sambayanan.

Sa hanay nila ay mayroong mga makakanan na nagpapanggap na indipendiyente as GRP at salungat sa karahasan kapwa ng GRP at NDF.

Sa katunayan, ang ideya nila ng kapayapaan ay pundamental na umaayon doon as GRP, kahit pa man may mga pagkakaiba as kanilang niga satsat tungkol as "kapayapaan" at as mga panukalang teknik ng pagsuheto as mga rebolusyonaiyong pwersa.

Hangad nila ang tahasang pagsuko ng mga rebolusyonaryong pwersa at ang katapusang eksena ng pagsasabong ng sandata at pagkalusaw ng BHB o kung bindi man, ang pagkakahati-hati ng mga rebolusyonazyong pwersa as lokalisadong mga pag-uusap pars as pagsuko at mga tigil-putukan at as pamamagitan ng mga istratehikong hamlet, na pinaganda ang pangalan as "zones of peace" at "zones of life".

Mayroong mga makakaliwa na kumikilalang makatarungan ang pakikibakang sambayanan para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya as pamamagitan ng armadong pakikibaka at naggigiit na dapat pakitunguhan ang mga ugat ng gyera sibil para makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan.

Mayroong mga nagtatangkang pumagitna. Maaaring nakapaloob sila sa namamayaning sistemang ligal pero may ginagawa silang pundamental na pagtutol sa kung ano ang mali sa naghaharing sistema at may pagkilala sila sa pagiging makatarungan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan. Hindi nila dinadala ang mga kontrarebolusyonaryong simulaing anti-NDF at pro-GRP at kanilang iginigiit na dapat harapin ang mga ugat ng armadong labanan kung hangad kamtin ang makatarungan at matagalang kapayapaan.

7.) Alinsunod sa mga puntong tinuran sa itaas, lahat ng organo, yunit at kasapi ng Partido ay dapat mag-aral as mga sumusunod na mga dokumento:

7.1.) Mga seksyon kaugnay ng isyu ng pag-uusap na pangkapayapaan as "Reaffirm Our Basic Principles and Rectify Errors" at "Reaffirm Our Basic Principles and Carry the Revolution Forward".

7.2.) Mg polyeto ng dalawang artikulo na may pamagat na "The People's Struggle for a Just Peace."

7.3.) Mg sulat ni Tagapangulo ng NDF Manuel Romero sa Presidente ng GRP Aquino, na may petsang Setyembre 20, 1990.

7.4.) Lahat ng dokumento ng Partido na pumupuna as balangkas ng Multi-sectoral Peace Advocates (MSPA) at sa People's Agenda (laluna ang konsepto ng pag-uusap pangkapayapaan ns nakatuon diumano as "pagpapalapad" ng nagkakaisang prente at ihinahalo ang NDF as sarisaring

cli angkop na mga organisasyon as layuning ihanda ang kundiayon pars as "insureksiyong lungsod" at "pakikipaghatian ng kapangyarihan" as mga lokal na reaksyunaryo).

7.5.) Mga artikulo as Rebolusyon Blg. 3, 1992 tungkol as kontrarebolusyonaryong "ikatlong pwersa" at bagong upong rehimeng USRamos at mga patakaran nito.

Mg Komisyon ng Partido sa Nagkakaisang Prente at ang mga organong tagapangalaga ng NDF ay dapat mahigpit na tumalima at magtaguyod as rebolusyonaryong linya kaugnay ng isyu ng pag-uuasp pangkapayapaan as kanilang mga pahayag. Dapat ding ihinto ang mga hakbang na nagsusubo ng mga kagawad ng Partido at NDF as direktang pag-ugnay at pakikipag-usap sa mga makakanang "peace advocates" at mga personahe ng GRP sa Metro Manila.

Pinaaalahanan ang United Front Council at NDF na ang mga nangungunangkagawad nila ay nasaklaw ng pagmamanman ngkaaway at nadakippagkatapos makipagpubongsaMetroManilasamgamakakanang "peace advocates" at mga personahe ng GRP kaugnay ng pag-uusap pangkapayapaan.

Ang mga opisyal ng NDF sa ibayong-dagat ay awtorisadong makitungo as anumang paglapit ng mga personahe ng GRP at iba't ibang tipo ng "peace advocates". Gayunman, dapat bigyang-diin sa kanilang gawaing propaganda ang paglilinaw sa pagiging makatarungan ng pakikibakang bayan para sa rebolusyonaryong pambansang demokratiko. Ang pansing iniuukol as isyu ng pag-uusap pangkapayapaan ay dapat ilagay sa tamang lugar at timbang as bob ng kabuuang balangkas ng rebolusyonaryong pambansang demokratiko as pamamagitan ng armadong pakikibaka. Dapat samantalahin ng NDF sa ibayong-dagat ang kalagayang mas kapansin-pansin ngayon na ang armadong rebolusyonaryong Pilipino ay nasa unahan ng rebolusyong pandaigdig dahil sa pagtigil o di kaya'y pagsuspindi ng armadong pakikibaka ng ibang dating mas may publisidad na kilusang mapagpalaya.

Hindi sila dapat labis-labis na umasam sa mga panimulang pag-uusap pangkapayapaan o sa aktwal na pag-uusap pangkapayapaan at hindi nila dapat gawing sentro ng kanilang mga gawain ang usapin sa pag-uusap pangkapayapaan. Ang mga personahe, panahon, pagsisikap at rekurso ng

Partido at NDF ay hindi rin dapat abis na mahigop sa usapin ng pag-uusap pangkapayapaan.

Ang mga panimulang pag-uusap tungkol sa pag-uusap pangkapayapaan ay maaaring maging pabugso-bugso o walang katapusan hanggang walang batayang makaprinsipyo at hindi umiiral ang mga kundisyong kasiya-siya sa magkabilang panig as pormal na pag-uusap pangkapayapaan. Mg mga panimulang pag-uuasp na ito ay dapat gastusan ng mgakinatawan at sugo ng GRP. Bago magkaroon ng pormal na pag-uusap pangkapayapaan as pagitan ng GRP at NDF, ang adyenda ng mga esensyal na usapin at mga kaugnay na isyu ay dapat dumaan sa pagsusuri at pagtltibay ng sentral na pamunuan ng Partido.

Hindi napipinto ang gayong pormal na pag-uusap dahil wabang hinahangad ang GRP kundi ang pagsuko ng mga rebobusyonaiyong pwersa at tumatanggi itong makipag-usap tungkol as mga saligang suliraning panlipunan ng bayan at makipagnegosasyon as NDF nang pantay ang katayuan as internasyunab na batas. Mg kasulukuyang mga pag-iingay at pababas ng rehimeng US-Ramos tungkol sa pag-uusap at prosesong pangkapayapaan ay ganap na taliwas sa tunay at sinserong prosesong pangkapayapaan at nakatuon as lantad na kaxnpanya ng pagpapasuko, paglusaw, at panghahati sa armadong rebolusyon as pamamagitan ng abok na amnestiya at ligalisasyon.

Tulad ng dating ginagawa nila, dapat patuloy na ilantad at salungatin ng lahat ng organo, yunit, at kasapi ng Partido, BHB at NDF ang kasulukuyan at iba pang mga pagpapanggap na pangkapayapaan ng GRP at mgs “peace advocates” na makakanan at pro-GRP.

Kailangang pag-ibayuhin nila ang kanilang kapasyahang lumaban; panindigan ang mga sabigang prinsipyo at magwasto as mga pagkakamali; higitpang palakasin ang sarili; atlubos na samantalahin ang lumububhang krisis ng naghaharing sistema. ❁